

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Eksibit sa Citizens' Museum

310

市民ミュージアム企画展

Magbubukas ang Museong pang-mamamayan mula ika-1 ng Septyembre hanggang ika-14 ng Oktubre upang ipagdiwang ang ika-100 taong bakas ng pagkahirang ng Kawasaki bilang Bayan ng Industriya. “Bayan ng Patuloy na Progreso sa Paggawa”

Mag 100 taon na mula nang ipatayo ang pabrika ng Yokohama Refined Sugar at Tokyo Electric Power sa Kawasaki. Ang pabrika sa Kawasaki ay malaking pakinabang sa layunin nitong makatulong sa pag-unlad ng kasalukuyang bansang Hapon.

Naka-pokus ang atensyon sa mga kumpanyang sumuporta tungo sa pag-unlad ng mga pabrika sa Keihin Kawasaki maging ang mga taong tagatanghili at ng uri ng pamumuhay ng mga ito. Ipakikilala dito ang may 180 uri ng mga produktong gawa sa Bayan ng Industriya, Kawasaki. Makikita rin dito ang mga litrato sa mga panahong nagdaan sa loob ng 100 taon.

Mapapanood rin hanggang ika-30 ng Septyembre ang mga likha ng sikat sa larangan ng Arte, at isinilang sa bayan ng Kawasaki na si G. Taro Okamoto. Ide-displey ang kanyang likha na kuha sa mga pabrika sa Kawasaki na pinamagatang [Heavy Industries] kabilang ang mga kuhang litrato ng mga kasalukuyang litratista tungkol sa Kawasaki at ng mga tanawin dito.

Bayad sa entrans ay 500 yen para sa pangkaraniwang mamamayan, sa mga senior highschoools at 65 taong gulang ay 300 yen, samantalang libre naman sa mga elementarya at junior highschool.

Tumawag para sa katanungan sa: Kawasaki shi Shimin Museum 044-754-4500.



Laro ng Kawasaki Frontale sa Todoroki

.311

川崎フロンターレのホームゲーム試合

Halina at sumuporta sa labanang gaganapin ng Kawasaki Frontale tungo sa tyampyonship ng J1league at Asia Champions' league.

Ang mga iskedyul ng laro ay ang mga sumusunod:


J league: Septyembre/15 (Sabado) alas 7 pm [Kawasaki Frontale VS Oita Trinita]
Septyembre/30 (Linggo) alas 3 pm Kawasaki Frontale VS Ventforet Kofu

Asia Champions' league:

Septyembre/26 (Miyerkoles) alas 7 pm [Kawasaki Frontale VS Sepahan
ay mapapanood sa Todoroki Arena.

Inaanyayahan ang lahat na sumali at magsaya sa pagsuporta kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan.

Ang mga tiket ay mabibili sa Lawson Tickets atbp. at sa Kawasaki Frontale Supporters sa Telepono bilang 044-434-5346.



Piyesta sa Zoo nitong taglagas (Autumn)

312

秋の動物園まつり




Ipagdiriwang ang **Piyesta ng mga Hayop** nitong taglagas sa Yumemigasaki Park sa ika-23 ng Septyembre (Linggo) alas 10 hanggang alas 3 ng hapon.

Magkakaroon ng pagpapaliwanag galing sa mga tagapag-alaga ng mga hayop na ito tungkol sa mga katangian ng bawat hayop (Animal Relay Guide), mahahawakan ang mga sungay ng mga kambing (Samples), pagpapakain sa mga hayop (Experience Corner) at maaaring makipaglaro sa mga maliliit na hayop sa (Fureai Corner) Walang bayad ang entrans.

Upang makarating sa Yumemigasaki Doubutsu Ko-en, sumakay ng bus mula sa Nishiguchi ng JR Kawasaki station at bumaba sa [Yumemigasaki Doubutsu Ko-en Mae] Maaari ding lakarin mula sa JR Kashimada station ng may 20 minutos, o JR Shin-Kawasaki station ng may 15 minutos. Walang nakalaang paradahan para sa mga sasakyan kung kaya't iminumungkahi ang paggamit ng pampublikong sasakyan.

Sa inyong katanungan tumawag sa Yumemigasaki Doubutsu Ko-en : 044-588-4030.



Libreng Konsultasyon tungkol sa bisa atbpang bagay

Nagbibigay ang mga Administrative Lawyers ng serbisyong pagbibigay payo sa mga dayuhan tungkol sa mga sumusunod: Problema sa bisa, Pagpapa-extend, Pagpapalit ng status, Naturalization, Permanent Visa, Long term resident visa, Eligibility, International Marriage/Divorce, Special permission, Pagpapatayo ng sariling Negosyo, sangay ng kumpanya galing sa ibang bansa, Pagkuha ng Lisensya para sa negosyo atbp.

A tuwing Unang Sabado ng bawat buwan 2:00~4:00pm

Kanagawa Volunteer Support Center

2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa-ku Yokohama

(Septyembre 1, Oktubre 6, Nobyembre 3 at Disyembre 1)

B tuwing Ikatlong Linggo ng bawat buwan 2:00~4:00pm

Kawasaki international Center

2-2Kizuki Gion-cho, Nakahara ku, Kawasaki

(Septyembre 16, Oktubre 21, Nobyembre 18, Disyembre 16)

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/